

Bagong Labas

Education and Early Childhood Development [Edukasyon at Pagpapaunlad ng Maagang Pagkabata]

Mag-aaral sa mataas na paaralan na gagamit ng kanilang sariling mga elektronikong device; programang tutulong sa mga pamilyang mababa at nasa gitna ang kinikita

22 Hulyo 2020

FREDERICKSON (GNB) - Inaasahan ngayon ang mga mag-aaral sa mataas na paaralan na magdadala ng kanilang sariling mga elektronikong device para sa pag-aaral simula sa Setyembre bilang bahagi ng pagbabago tungo sa mas personal, nagtutulungan at nakabatay sa teknolohiya na modelo ng pag-aaral.

"Mag-iiba na ang kalagayan ng pag-aaral sa panahon ng 2020-21 taon ng paaralan at habang patuloy tayong nabubuhay sa gitna ng pandemyang COVID-19," sinabi ng Minister ng Education and Early Childhood Development [Edukasyon at Pagpapaunlad ng Maagang Pagkabata] na si Dominic Cardy. "Tutulong ang modelong ito na suportahan ang magkahalong pag-aaral at ang pagpapatuloy ng pag-aaral ng mga mag-aaral sa mataas na paaralan sa malapit na hinaharap, kasabay rin nito ay inaasikaso ang mga pangmatagalang isyu."

Namumuhunan ang kagawaran ng \$7 milyon para para pasulungin ang pantay na access sa teknolohiya at \$5 milyon sa imprastraktura para suportahan ang bagong modelo ng pag-aaral. Susuportan ng pamumuhunan sa imprastraktura ang pangangailangan para sa mataas na connectivity at digital collaboration. Kasama dito ang tumaas na mga access point sa mga paaralan at mga pag-upgrade sa mga firewall at bandwidth ng paaralan. Susuportan ng mga pamumuhunang ito ang 1[[Planong balik paaralan](#)]

Dahil sa modelong ito, magagamit ng mga mag-aaral ang mga device na mayroon na sila habang isinasamoderno ang paraan ng kanilang pag-aaral at interaksyon. Nagkakaroon din ang mga guro ng kalayaan na magamit ang teknolohiya para tumuklas ng bago at pahasayin ang pag-aaral ng mag-aaral.

Magiging available ang subsidy program para sa mga mag-aaral na mula sa mga pamilyang mababa at nasa gitna ang kita na sa kasalukuyan ay walang sariling device. Bibigyan ang mga pamilya ng hanggang \$600 kada mag-aaral sa mataas na paaralan para makabili ng laptop sa pamamagitan ng programa, depende sa kanilang pagiging kwalipikado.

Pagiging kwalipikado:

- Ang mga sambahayan na may taunang kinita na hanggang \$40,000 ay makakatanggap ng voucher na \$600 kada mag-aaral.
- Ang mga sambahayan na may taunang kita na nasa pagitan ng \$40,000 at \$55,000 ay makakatanggap ng maximum voucher na nagkakahalaga ng \$400 para sa kanilang unang mag-aaral at \$600 para sa bawat karagdagang mag-aaral.
- Ang mga mag-aaral na may taunang kita na nasa pagitan ng \$55,000 at \$70,000 ay makakatanggap ng maximum voucher na nagkakahalaga ng \$200 para sa unang mag-aaral, \$400 para sa ikalawang mag-aaral at \$600 para sa bawat karagdagang mag-aaral.
- Ang mga sambahayan na may taunang kita na nasa pagitan ng \$70,000 at \$85,000 ay makakatanggap ng maximum voucher na nagkakahalaga ng \$200 para sa ikalawang mag-aaral, \$400 para sa ikatlong mag-aaral at \$600 para sa bawat karagdagang mag-aaral.

Makakapag-apply ang mga pamilyang kwalipikado sa pamamagitan ng [\[Portal ng Magulang online\]](#) sa Hulyo 31. Higit pang mga detalye tungkol sa programang ito ang tuwirang ihahatid sa mga pamilya. Puwedeng gawin ang pagtatanong sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-833-901-1963.

"Ang aming tunguhin ay iposisyon ang lahat ng mag-aaral para sa pagtatagumpay sa pamamagitan ng paghahanda sa kanila para sa pangmatagalang tagumpay sa kanilang edukasyon at sa lugar ng trabaho habang tinitiyak din ang mas pantay at hindi nagbabagong access sa teknolohiya," sinabi ni Cardy.

Kinilala ang mga online teaching platform para suportahan ang pag-aaral para sa mga mag-aaral sa mataas na paaralan at sasamahan ng pang-araw-araw na pagtuturo. Microsoft Teams ang magiging pangunahing platform na gagamitin sa silid-aralan, kung saan maa-access ng mga mag-aaral at guro ang kanilang account sa Office 365.

May ilang guro na marahil pipiliing gamitin ang Desire 2 Learn, na kilala bilang Brightspace, na nasa anglophone sector o Clic na nasa francophone sector. Ang mga system requirement para sa mga platform na ito ay: [available online](#) at hinihimok ang mga pamilya na suriin ang mga dokumentong ito para kumpirmahin ang compatibility ng mga device ng kanilang mag-aaral.

"Ang pagbibigay sa mga mag-aaral ng mga mapagpipilian para sa mas personal na karanasan sa pag-aaral na tutugon sa kanilang mga pangangailangan ay magpapalakas sa kahalagahan ng elemento ng pagtatatag ng world-class na sistema ng edukasyon," sinabi ni Cardy.

Ang pagbibigay ng pantay na access sa impormasyon at teknolohiya ng komunikasyon ay nakapaloob sa [\[10-taong Plano sa Edukasyon: Nasa pinakamabuti nila ang bawat isa\]](#). Ang pagsuporta sa mga patakarang 'magdala ng iyong sariling device', pagtatatag ng mga pamprobiyang patakarang para sa pagbili at paggamit ng teknolohiya at paglutas sa hindi pagkakapantay-pantay sa paggamit ng teknolohiya (technological inequity) ay aksyong mga item na binalangkas sa [\[Pagtatagumpay sa Tahanan: Isang berdeng papel sa edukasyon sa New Brunswick\]](#), na susuporta sa 10-taong plano sa edukasyon.

(mga) Contact sa Media

Danielle Elliott, communications, Kagawaran ng Edukasyon at Pagpapaunlad ng Maagang Pagkabata, danielle.elliott@gnb.ca.